22100225

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1**

Thursday 13 May 2010 (afternoon)
Jeudi 13 mai 2010 (après-midi)
Jueves 13 de mayo de 2010 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N’ouvrez pas cette épreuve avant d’y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire sur un seul des passages.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento.




© International Baccalaureate Organization 2010

https://xtremepape.rs/

*Sumulat ng komentaryo sa alinmang* ***isa*** *sa dalawang sumusunod:*

**1.**

http://www.ang_estudyante.com

Di na ako mainlab sa mga kanta ng April Boys na paulit-ulit na bumabarena sa aking tainga kapag inililipat ko ang tyuning ng radyo. Dati, kapag naririnig ko ang mga kanta ng mga mokong ay parang magkakasakit ako't wala nang gagawin kundi humilata sa kama't mangarap ng babae. Ngayon kahit ano pang himutok ang kantahin ng mga ito'y di na nila ako makuha. Sa inis ko'y binato ko ng unan ang buwisit na kaset, bagsak ito sa sahig. Panay na ang katok ni Tiya Juana sa pintuan. Tuloy pa rin ang pagkanta ng mga ugok, maya-maya'y puro istatik na lang ang naririnig ko. Biglang iniluwa ng pintuan si Tiya Juana, umuusok ang malaking butas ng ilong sa galit. Di kumukurap ang mata. Puro "Demonyong bata!" ang lumabas sa kanyang bunganga. Bigla akong nagpanting. Umakyat ang init sa aking tainga hanggang pumula. Sumabog ang galit. Hanggang sa sumigaw siyang lumayas daw ako. Habang ako'y nagbibihis, sinusuutan niya ang aking ulo ng kanyang sama ng loob sa pamilya namin, sa nanay ko na kapatid niya. Di ko siya pinansin...

Pabalibag kong isinara ang pintuan. Nagmura uli siya, mas malakas iyon kaysa lagabag ng pintuan, parang winawarat na yero ang kanyang sigaw... Tiyak na lalong bad trip si Tiya pag nalaman niyang wasak ang kaset, hindi na niya mapapakinggan ang paboritong programang "Kailan Ka Iiyak?"

Ilang oras pa lamang ng paglalakwatsa, naipasiya ko nang umuwi. Pumara ako ng dyip papuntang amin. Iniabot ko ang dalawang pisong bayad sa pag-upo. Tingin ako nang tingin sa mga pasahero, ganoon din sila sa akin. Magkakaharap kaming di magkakakilala. Maya-maya'y may biglang sumakay. Pilit itong nakisiksik sa tabi noong tsik. Para siyang susong na usog nang usog. Inis na iyong babae. Pati ako naiinis na rin. Ang sama kasi ng kanyang tingin. Akala mo'y syota na niya ang babae. Ang kanyang pandidilat sa akin ay ang pagbabawal niyang tingnan ang babae kahit masagi lamang ng tingin. Sa di ko namalayang dahilan, biglang nagkagulo. Agad na lang akong tinangay ng tao.

Sa ospital na ako nagkamalay. Masakit ang ilang parte ng aking katawan. Nabugbog lang daw iyong ibang kasukasuan ko kaya hirap akong makatayo, sabi noong doktor. Napatingin ako sa gawi ng pintuan, naroroon si Tiya Juana pati ang aking mga pinsan. Napansin kong may benda na ang daliri sa kamay. Naipit iyon sa pagsara ng pintuan sa bahay. Ako ang nakaipit noon. Iyon siguro ang dahilan kung bakit mas nadaig ng kanyang sigaw ang lagabag ng pintuan. Dahan-dahan siyang lumapit sa akin, may bitbit siyang mga prutas... Pakiramdam ko'y pantalon akong umuurong sa hiya.

http://www.ang_tsuper_sa_kalye.com

Makalaglag-pawis ang sikat ng araw nang ikinulong ng di makausad na trapiko ang mga sasakyan... Lipas na ang pagkakagulo kanina. Itinakbo na sa ospital ang nabugbog na tinedyer. Sukat ba namang tadyakan sa dibdib ang mamang nasa kanyang harapan, ayun di nabugbog. Dagdag pa'y nasuntok daw niya ang kanyang katabi kaya nagrambulan na. May naiwan pang latak ng usapan mula sa mga dating pasahero, ngunit pasingit-singit na lamang. Pigil sa preno ang paa ni Dikong. Ngawit na ang kanyang paa. "Mama, iyung sukli ko po." Napatingin si Dikong sa pasahero. "Anong sukli? Saan nanggaling at pupunta?" Padabog na kinuha ni Dikong ang mga sukli sa lalagyan at inabot... Lumuwag na ang trapiko, mabilis na umusad ang dyip sa hayway.



https://xtremepape.rs/

May biglang sumigaw na "Para!" "Sandali," ang sabi ni Dikong. "Kaninang nakahinto'y di bumaba." Ipinarada niya ang dyip sa tabi. Napalayo raw siya ng bababaan, bumubulong-bulong ang ale habang bumababa. Nabigla si Dikong nang may sumitang pulis sa kanya. Agad siyang tiniketan. Lumayo ang pulis. Tumatakbo na ang dyip... May bumaba sa isang kanto. May taong tumalon at sumabit sa estribo... Walang bago sa kanyang ginagawa. Araw-araw ay pare-pareho ang naisasakay... Napansin niya ang pag-aarko ng kilay ng katabi sa harapan pagkasagi sa siko ng mama. "Ang taba-taba ninyo kasi," pabirong wika ni Dikong. Sukat sa ganoong pahayag, binunot ng lalaki ang kanyang kuwarenta y singko at itinutok sa sentido ng nabiglang tsuper. Walang lumabas na salita sa bibig ni Dikong. Gumulong ang nanlalagkit na pawis sa kaniyang noo. Parang trosong humataw sa kanyang dibdib ang takot... "Baka gusto mong tapusin ko na ang pagmamaneho mo," sabi ng matabang mama.

Nakababa na ang mamang may baril sa presinto ay tulala pa rin sa pagkakatitig sa kalsada si Dikong. Nagbabaan ang nagdadabog at umaangal na mga pasahero dahil nahinto ang kanilang pagbibiyahe. Sinugod si Dikong ng mga pasahero. Minamadali siyang ibalik ang pera kung hindi na siya tutuloy sa biyahe. Walang imik na isinauli niya ang pera. Pagkatapos, narinig niya ang kantsaw ng dalawang tinedyer na estudyante. "Huu! Astig kasi, di nakahanap ngayon ng katapat." Pumipitong takuri ang init ng ulo ni Dikong. Tumingin si Dikong sa kalsada bago humagis ang tingin sa kambiyo. Agad niyang ipinihit ang manibela sabay padyak sa silinyador. Sumasagitsit ang gulong na tila gustong magpapudpod sa magaspang na kalsada.

Umatras ang dyip. Mabilis itong umikot pabalik sa mga dinaanan. Parang sanay na sanay na si Dikong na bumaba sa tumatakbong sasakyan. Parang kabayo lamang niyang pinakawalan ang dyip matapos mailapat sa kalsada ang maliksi niyang mga paa... Nagulat ang mga nakatambay at nakahigang pulis sa presinto. Tumagos sa loob ang dyip. Nagtakbuhan ang mga pulis palayo sa sasakyan na ngayo'y yuping-yupi na ang harap.

Mabilis naglakad si Dikong paalis sa insidente habang dinudumog ng mga tao ang presinto.

Mes De Guzman, *Digital Buryong* (1999)



https://xtremepape.rs/

**2.**

Ang pagiging babae ay pamumuhay
sa panahon ng digma.
Kapiling ko sa aking paglaki
ang pangamba,
hindi ko tiyak ang bukas
na laging nakakawing
sa mga lalaki ng aking buhay:
ama, kapatid,
asawa, anak.
Kinatatakutan ko ang pag-iisa.

Sa pagiging ina,
kaharap ko'y tagsalat.
Pagkat ang lupit ng digmaan
ay hindi lamang
sa paggulong ng mga ulo
sa pagguhit ng espada,
kundi sa unti-unting pagkaubos
ng pagkain sa hapag.
At paano sabay na magpapasuso sa bunso
habang naghahanap ng maisusubo
sa panganay?

Walang sandaling
walang panganib.
Sa sariling tahanan
ang pagsagot at pagsuway
ay pag-akit ng pananakit.
Sa lansangan,
ang paglakad sa gabi'y
paanyaya sa kapahamakan.
Sa aking lipunan,
ang pagtutol sa kaapiha'y
paglalantad sa higit na karahasan.

Kay tagal kong pinag-aralan
ang puno't dulo
ng digmaan.
Sa huli'y naunawaan
na ang pagiging babae
ay walang katapusang pakikibaka
para mabuhay at maging malaya.

Joi Barrios, *Ang Pagiging Babae Ay Pamumuhay sa Panahon ng Digma* (1990)



https://xtremepape.rs/